## Magsimulang Tumingin sa Dako pa Roon

A Lord's Flock General Assembly Topic
Sis. Techie Rodriquez, Elder-Founder
August 22, 2020

Sa kasalukuyan, nakaririnig tayo sa medya ng mga balitang nakatatakot tungkol sa *pandemic* at iba't ibang sakuna sa paligid natin. Huwag intindihin ang mga ito bagkus *"Ituon natin ang paningin kay Jesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya ring nagpapasakdal nito" (Heb.12:2).* Piliin natin ang pananalig kaysa sa takot at magsimulang tumingin sa dako pa roon sa di kayang abutin ng ating mga mata habang nakatitig tayo kay Jesus, katulad noong naglakad sa tubig si Pedro (Mt. 14:22-23).

**1.Kung ano ang nakikita natin ay iyon ang magtatakda sa bukas natin.**

1.1 Ingatan ang mga nakikita. Huwag tumingin sa kasalukuyang kalagayan, ilarawan sa isip ang pangarap, at tiyak iyon ang magaganap.

1.2*" Ilayo mo ang pansin ko sa bagay na walang saysay, at ayon sa pangako mo'y pagpalain akong tunay" (Awit 119:37).*

**2. Walong paraan para maitaas ka ng Diyos na higit pa sa inakala mo.**

2.1 Magsimulang tumingin sa dako pa roon.

- Magsimula tayong tumingin sa nais nating maging.

**2.2 Huwag limitahan ang Diyos.**

- Gusto ng Diyos huwag Siyang bigyan ng hangganan at maniwalang magagawa Niyang posible ang mga imposible.

**2.3 Tingnan ang sarili gaya ng pagtingin sa iyo ng Diyos**

- Ang pagtingin natin sa ating sarili ay malaki ang epekto sa pagtupad sa ating pangarap.
- Maniwala tayo sa Kanyang mga pangako (Jer 29:11).
- Ang takot ay nagdudulot ng paghihintay ng mas maraming pagtitiyak; hindi na kailangang makakita ng tanda kung ito ay alam ng totoo.

**2.4 Pangarapin ang iyong pangarap.**

- *"…anuman ang hingin ninyo sa panalangin, manalig na matatanggap na ninyo iyon at matatanggap nga ninyo" (Mk. 11:24).*
- *"Kung tatawag ka sa akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na mahiwaga na hindi mo nauunawaan" (Jer 33:3).*

**2.5 Ipahayag ang mga biyaya ng Diyos.**

- Kung ipinahahayag natin ang kapangyarihan ng Diyos sa buhay natin (Rom 10:10), naniniwala sa Kanyang mga salita, makikita natin na mababaligtad ang sitwasyon tungo sa ating kapakinabangan (Mk 11:23).

**2.6. Matang may pananalig**

- *"Kaya't ang paningin namin ay nakapako sa mga bagay na di nakikita, hindi sa nakikita" (2Cor. 4:18).*
- Puno ng mga kwentong may pananalig ang bibliya; ang pananalig ng isang Cananea (Mt.15:28); pagpapagaling sa alipin ng Kapitan (Mt.8:10);

**2.7 Humakbang nang may pananalig.**

- Maglakad nang may pananampalataya hindi sa nakikita, katulad ng apat na ketongin sa 2 Hari 7:6-7.

**2.8 Baguhin ang iyong pag-iisip.**

- *"…Piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay magtagal" (Dt. 30:19).*
- *" Huwag umayon sa takbo ng mundong ito. Mag-iba na kayo at magbago ng isip upang mabatid ninyo ang kalooban ng Diyos" (Rom. 12:2).*

Kung nakaharap tayo sa matinding pagsubok na higit pa sa ating kakayahan, o nakaharap sa pangangailangan na hindi kayang ibigay ng tao; paano ang reaksyon mo? Hindi ka ba makagalaw dahil sa takot at nakatuon na lamang sa iyong suliranin, o nakatingin ka sa dako pa roon? Ituon natin ang ating paningin kay Jesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya rin ang nagpapasakdal nito.

**Isinalin ni:** Sis. Nida Cruz
**Na-edit/Naaprobahan ni: Sis. Vera I. Tuplano**
For more Teachings, visit our website:
www.Lordsflock.org/Teachings/ReadingMater